

Taon XXXVI Blg. 7 Abril 7, 2005 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Naghuhukay ng sariling libingan ang rehimeng **US-Arroyo**

a harap ng masidhing krisis ng naghaharing sistema, lalong pinabibilis ng rehimeng US-Arroyo ang sariling pagbagsak. Halos bawat kilos nito ay gumagatong sa masidhi nang galit ng mamamayan at nagpapalapad sa hanay ng mga pwersang determinadong lumaban.

Ibayong humihina ang kapit ng rehimen sa poder habang lumalawak ang panawagan para sa pagpapatalsik dito. Sa pagsasaqawa ng mga desperadong hakbang para supilin and mga pwersang nakikibaka, lalong nalalapit ang rehimen sa bingit ng pagbagsak.

Lumalalang korapsyon

Pinakahuling iskandalo lamang ang tatlong araw na paglagi ni Mike Arroyo, asawa ng presidente, sa mamahaling MGM Grand Hotel sa US. Milyun-milyong piso ang winaldas niya sa pagtuloy sa eksklusibong pahingahan ng hotel, na inilalaan lamang sa pinakamayayamang kliyente at sumisingil ng \$20,000 (₱1.08 milyon sa palitang ₱1=\$54) bawat

Mahigit ₱3 milyon ang ginastos doon ng asawa ng presidente. Tatlong milyong piso para sa tatlong tulog habang ang nakararaming mamamayan ay nagtitiyaga sa mga barungbarong, bangketa o kariton. Tatlong milyong pisong nilustay nang gayon na lamang samantalang patuloy na idinadakdak ng rehimen ang pangangailangan umanong patawan nang patawan ng papabigat na buwis ang taumbayan dahil halos said na ang rekurso ng pamahalaan.

Hanggang ngayon ay nagkakandarapa pa rin sa pagtatanggi at paghuhugas-kamay ang Malakanyang sa iskandalong ito, at pilit pinalalabas na walang binayaran si Mike Arroyo sa pamamalagi niya roon.

Gaano man magmalinis ang rehimen, patuloy ang

pag-alingasaw publiko ng mga baho nito, kaya abut-

SUNGKAL PA! abot ang pagkasuklam dito ng mamama-Ang totoo, bahagyang silip lamang ang iskandalo sa MGM

Mga tampok sa isyung ito...

Pagpaslang kay Esperat, iimbestigahan ng BHB PAHINA 4 Mga karumal-dumal na detalve ng masaker sa **Bicutan** PAHINA 5

Paul Wolfowitz, alaqad ng neo-konserbatismo sa WB PAHINA 7 Grand Hotel sa nagnanaknak na kabulukan ng rehimeng Arroyo. Bukod sa porsyentong natatanggap ng mag-asawang Arrovo sa bawat malaking proyekto at kasunduan sa negosyo, ang mag-asawa na rin ang kumokontrol sa pinakamalalaking kriminal na sindikatong nagpapalusot ng bigas, asukal, mamahaling mga kotse at ipinagbabawal na droga. Kasabwat nila sa gayong mga krimen ang kanilang berdugong si Gen. Angelo Reyes, na kamakailan lamang ay itinalagang mamuno sa task force na tutugis umano sa malalaking ismagler! Mayroon pa nga bang mas maigeng paraan para maikubli ang sarili nitong kriminalidad?

Ang korapsyon ng mag-asa-wang Arroyo ay nasasalamin sa bawat sangay, ahensya at departamento ng reaksyunaryong gubyerno, at higit sa lahat, sa militar at pulisya. Kaya naman matapos magretiro ang pinakamahihigpit na kasapakat ni Arroyo sa AFP at PNP, pawang sa pinakakapaki-pakinabang na pwesto sa burukrasyang sibil sila itinatalaga tulad ng Department of Public Works and Highways, sa mga pwestong tulad ng Executive Secretary, at syempre, sa



Bukod sa porsyentong natatanggap ng mag-asawang Arroyo sa bawat malaking proyekto at kasunduan sa negosyo ang mag-asawa na rin ang kumokontrol sa pinakamalalaking kriminal na sindikatong nagpapalusot ng bigas, asukal, mamahaling mga kotse at ipinagbabawal na droga.

Department of National Defense at Department of the Interior and Local Government, na nangangasiwa sa pulisya. Ibibigay nila ang kanilang katapatan sa rehimen hangga't tuloy ang ligaya.

At kahit sa mga disgustadong elemento sa militar at pulisya na natutunugang nagbabalak maglunsad ng kudeta, pera pa rin ang ipinantatapal ng rehimen. Para sa kriminal at tiwaling rehimeng Arroyo, pera lang ang katapat ng lahat ng bagay—di lamang ng pagkakaluklok bilang presidente ng papet na republika kundi pati ng pananatili sa pwestong ito.

Sa sobrang kasibaan ng pangkating Arroyo, mabubunyag at mabunyag lalo ang lawak at sidhi ng korapsyon nito. Kung kaya naman unti-unti na nitong itinutumba ang mga nakakutsaba nito. Matingkad na halimbawa ang masaker ng mga kilalang lider ng bandidong Abu Sayyaf sa Bicutan noong Marso.

Laganap din ang bulung-bulungan na plano nang likidahin ang mangungurakot na si Maj. Gen. Carlos Garcia, dahil sa posibilidad na ikanta na niya na ang mag-asawang Arroyo at iba pang matataas na upisyal ng rehimen ang aktwal na nagmamay-ari ng ilang natutuklasang ari-arian sa ibang bansa na milyun-milyong dolyar ang halaga.

Tumitinding panunupil

Para naman sa mga pwersang masugid na naglalantad sa kabulukan ng naghaharing rehimen at tunay na nagmamalasakit sa mamamayan at lumalaban para sa kanilang kapakanan, kamay na bakal ang tugon ni Arroyo. Ilampung lider at aktibista na ng mga progresibong organisasyon at partido ang pinaslang, dinukot, iligal na inaresto at hinaras nitong taon lamang.

Sa hangaring bigyang-katwiran ang pag-igting ng panunupil sa mamamayan, pinag-iibayo ng militar ang walang batayang pagbibintang na may kaugnayan sa Partido Komunista ang mga organisasyong kritikal o lumalaban sa rehimeng Arroyo. Ang gayong mga akusasyon ay ginagamit na tuntungan ng mga reaksyunaryong armadong pwersa sa paglulunsad ng mga atake laban sa mga mamamayang di armado.

ANG Bayan

Taon XXXVI Blg. 7 Abril 7, 2005

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal Naghuhukay ng sariling libingan ang rehimeng US-Arroyo Pananalanta ng pasistang estado Pinakahuling mga pasistang krimen ng rehimeng US-Arroyo 3 Pagpaslang kay Esperat, iimbestiqahan ng BHB 4 Mga karumal-dumal na detalye ng masaker sa Camp Bagong Diwa 5 Inosente ang karamihan Paul Wolfowitz, alagad ng neo-konserbatismo sa World Bank 6 Pakikialam ng US sa Kyrgyzstan 7

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Balita

Ang pagtindi ng panunupil ay nagpapanumbalik sa sitwasyon sa ilalim ng batas militar noong 1972. Patunay na ito ng desperasyon ng rehimeng Arroyo na makaalpas sa palalim nang palalim na hukay na kinasasadlakan nito. Lalo pa itong lalala oras na maisabatas ang panukalang Anti-Terrorism Act na may layong supilin ang mga karapatang sibil at pampulitika.

Pagkakahiwalay ng rehimen

Ang malawak na galit sa rehimeng Arroyo ay hindi maikukubli kahit ng mga bayarang tagagawa ng mga sarbey. Ayon sa pinakahuling sarbey ng Pulse Asia nitong Marso, bumagsak ang popularidad ng rehimeng Arroyo sa pinakamababang antas mula nang maluklok ito sa poder noong 2001. Ang mga pangunahing usaping pinakabagsak ang grado ni Arroyo, anang sarbey, ay ang patuloy na pagsirit ng presyo ng mga batayang pangangailangan at ang katiwalian sa qubyerno.

Sa sobra nang kabulukan ng rehimeng Arroyo, at sa tindi na ng pagkamuhi rito ng mamamavan, kailangang palawakin ang nagkakaisang prente na magpapabagsak dito.

Akala ng rehimen ay sapat na ang panlilinlang at dahas upang supilin ang pagbubuo ng gayong nagkakaisang prente. Nakakalimutan nito na gayon din ang ginawang pagmamaliit ng mga rehimen nina Marcos at Estrada sa malawak na pwersa ng mamamayang nagpabagsak sa kanila sa poder. Nakakalimutan din ni Arroyo na di hamak pa ngang mas mabuway ang kanyang rehimen kaysa pasistang diktadurang Marcos. Mas lubog din ito ngayon sa hukay na siya rin ang may gawa at siyang pagbabaunan ng naaagnas na rehimen.

Lumalawak ang paglaban sa mga pasistang krimen ng rehimeng US-Arroyo

itong Abril 7, libu-libo ang nagmartsa patungong Department of Justice sa Maynila upang kundenahin ang torong Arroyo. Subalit patunay ng kamay na bakal na nais pairalin ng reaksyunaryong estado, marahas na binuwag ang hanay ng mga demonstrador, at apat na ralivista ang iligal na inaresto.

Sa kabila nito, papalawak na kilusang masang nananawagan para kaqyat na itiqil ng rehimen ang mga pasistang atake nito sa mga demokratikong sektor. Bago ito, naglunsad ng *hunger strike* ang

mga progresibong partido sa kongreso upang ipakita sa mga dayuhang myembro ng Inter-Parliament Union na nasa bansa ngayon ang epekto ng pasistang kampanya ng rehimeng

Arroyo. Nakahanda ang mga demokratikong organisasyon na maglunsad ng papalaking mga aksyong protesta sa susunod na mga araw.

Kabilang sa mariing tumutuligsa sa rehimeng Arroyo ang mga taong simbahan. Makailang beses nang naglabas ng *pastoral letter* ang simbahang Katoliko kaugnay ng tumitinding paglabag ng mga pulis at militar sa karapatang-tao. Iginigiit nila ang kagyat na pagresolba sa mga pagpatay sa Hacienda Luisita kung saan nagsisilbing tagapamagitan ang Catholic Bishops' Conference of the Philippines sa negosasyon ng pamilyang Cojuangco at mga welgista.

Mula Enero hanggang Marso 17, umabot na sa 32 lider at myembro ng mga demokratikong organisasyon ang pinaslang bunga ng pinaigting na mga pasistang atake ng rehimeng US-Arroyo. Bukod rito, lima ang dinukot at hindi pa natatagpuan at apat ang malubhang nasugatan bunga ng mga tangkang pagpatay. Marami rin ang iligal na inaresto at ibinimbin, gayundin ang mga dumanas ng matinding

> pananakot at harasment.

> Pinakahuling insidente ang pambobomba sa upisina ng Bayan Muna sa Barangay Ka-Catarman, wayan, Northern Samar nitong

Abril 6. Isang aktibista ang nasaktan nang hagisan ng mga molotov ang upisina.

Nadaqdaq din sa listahan nq mga krimen ng rehimen ang tangkang pagpatay kay Charles Juloya, abuqado at myembro ng Bayan Muna. Papunta si Juloya sa San Fernando, La Union upang makipagpulong sa iba pang lider ng Bayan at Bayan Muna nang siya ay barilin. Isa si Juloya sa mga convenor ng Justice for Romy Sanchez Movement na itinataq para iqiit anq imbestigasyon at hustisya para kay Sanchez, dating pangkalahatang kalihim ng Bayan Muna para sa rehiyong Ilocos, na pinaslang noong Marso 9.

Sentro ng panibagong bugso ng mga pasistang atake ang Central Luzon kung saan nagaganap ang isa sa pinakamadudugo at pinakamatitinding makauring tunggalian.



Noong Disyembre 16, minasaker ng mga elemento ng militar at pulis ang mga manggagawa, manggagawang bukid at mga sumusuporta sa welga sa Hacienda Luisita. Matapos ang masaker, inisa-isa na ng mga elemento ng militar at kanilang mga galamay ang mga lider at prominenteng tagasuporta ng mga welqista sa asyenda. Mula Enero hanggang kalagitnaan ng Marso, aabot na sa 12 ang napapatay at nawawala sa rehiyon. Ginagamit ng North Luzon Command ang buong rehiyon upang ieksperimento ang patakaran ng rehimen sa paggamit ng mga death squad laban sa mga mga organisasyon ng mamamayan at mga prominenteng lider nito.

Ang iba pang mga biktima ay mula sa Northern Luzon, Southern Tagalog at Eastern Visayas. Ang panibagong bugso ng mga atake ay sumusunod sa serye ng mga pagpatay noong 2001 kung kailan idineklara ng rehimeng US-Arroyo ang Mindoro bilang "pambansang prayoridad" ng Armed Forces of the Philippines. Nitong taon, itinalaga na ng rehimeng Arroyo sa Eastern Visayas si Col. Jovito Palparan, ang tinaguriang "berduqo ng Mindoro."

Nitong Marso, kinundena ng mga progresibong organisasyon ang dokumentong "Knowing the Enemy", isang briefing paper ng AFP na ikinakalat ngayon sa iba't ibang yunit militar. Dito, tinukoy ang mga progresibong organisasyon, mga institusyon at kahit mga organisasyon ng simbahan bilang mga prenteng organisasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas at sa qayon ay mga "kaaway ng estado". Tahasang ikinakampanya ng dokumentong ito ang paglipol sa mga lider at myembro ng naturang mga organisasyon at institusyon bilang bahagi ng pakikidigma ng AFP sa PKP at Bagong Hukbong Bayan. Ngayo'y pinagsasabihan pa ng AFP

ang naturang mga organisasyon na tigilan na ang pagtuligsa at sa halip ay patunayan ang kani-kanilang "kawalang-kasalanan."

Kasabay ng mga karumal-dumal na krimen laban sa demokratikong kilusan, pinupuntirya rin ng naghaharing uri ang sektor ng mga mamamahayag. Partikular na target ang mga peryodista at brodkaster na hayagang bumabatikos sa korapsyon at mga anomalya kapwa sa lokal at pambansang antas.

Nitong Marso 24, pinatay si Marlene Garcia Esperat sa harap ng kanyang 10-taong gulang na anak sa Tacurong City, Sultan Kudarat. Manunulat si Esperat sa pahayagang *Midland Review* at kilalang kritiko ng korapsyon at nepotismo ng mga pambansa at lokal na upisyal. Bago ito, pinatay sa Naic, Cavite noong Pebrero 18 si Arnulfo Villanueva, manunulat ng *Asian Star Express*. Ngayong taon, apat na mamamahayag na ang pinatay habang anim ang tinangka o pinagbantaang patayin.

Ayon sa Reporters without Borders, isang pandaigdigang organisasyon na nagtataguyod ng karapatan sa pamamahayag, pumapangalawa sa Iraq ang Pilipinas bilang pinakamapanganib na lugar para sa mga mamamahayag. Noong nakaraang taon, umabot sa 14 na mamamahayag ang pinatay habang sampu ang tinangkang patayin.


Pagpaslang kay Esperat, iimbestigahan ng BHB

T pinahayag noong Marso 29 ni Ka Efren, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan-Far South Mindanao na iniimbestigahan ngayon ng BHB sa rehiyon ang walang pakundangang pagpaslang sa manunulat na si Marlene Garcia Esperat noong Marso 24 sa Tacurong, Sultan Kudarat.

Ilan sa malalaking personalidad na iniimbestigahan ngayon ay sina Arthur Yap, dating administrator ng National Food Authority at ngayo'y secretary ng Department of Agriculture (DA), ang magkapatid na sina Lino at Roncal Montilla, mga upisyal ng lokal na gubyerno ng Tacurong at si Supt. Willie Dagane, hepe ng pulisya ng Gen. Santos City. Hindi lamang lantarang binatikos ni Esperat ang mga ito sa kanyang mga sulatin, nagsampa pa siya ng mga mga kaso laban sa kanila.

Isa sa mga kasong isinampa niya sa ombudsman ang sobrang pagpepresyo ng naturang mga upisyal ng DA sa biniling mga pataba ng gubyerno noong 2003. Tumabo ang mga upisyal ng departamento ng mahigit P432 milyon mula rito. Ibinunyag din niya ang pagbubuhos ng DA ng pondo sa mga huwad na proyekto sa Cotabato. Dagdag dito, inilantad niya ang kutsabahan ng isang pribadong kontraktor at mga upisyal ng DA upang presyuhan nang sobra ang mga binili ng departamento na *speedboat*.

Nitong taon, nagsampa si Esperat ng kasong ismagling laban kay Cong. Prospero Pichay at *undersecretary* ng DA na si Cesar Drilon (pamangkin ni Sen. Franklin Drilon). Ayon sa kanya, katulong si Pichay ay nagpuslit ang mga upisyal ng DA ng manok na nagkakahalaga ng P23 milyon.



Mga karumal-dumal na detalye ng masaker sa Camp Bagong Diwa

a kabila ng pagtatangkang ilingid sa publiko ang tunay na mga nangyari sa likod ng masaker sa Camp Bagong Diwa noong Marso 15, unti-unti ay lumalabas ang mga karumal-dumal na detalye nito. Nalalantad na ang masaker ay planado at tuwirang iniutos at pinangunahan ni Gen. Angelo Reyes. Kinukumpirma ng mga ito na layunin ng masaker ang lipulin ang pangunahing mga lider ng bandidong grupong Abu Sayyaf na kilalang kasabwat ng mga lider militar sa mga gawaing kriminal at terorista.

Ang mga detalyeng ito ay inilalabas mismo ng mga bilanggo sa Camp Bagong Diwa na nakaligtas sa masaker, ng ilan sa mga pulis na kalahok sa pagsalakay at ng mga reporter na kinordon ng pulis.

Marami sa mga naroon sa lugar nang maganap ang masaker ang nagsasabing ang mga putok na narinig ay pawang nagmumula lamang sa panig ng mga lumusob na tropa ng gubyerno. Di hamak na mas maliit ang bilang ng armas na nakuha sa mga bilanggo kumpara sa bilang ng mga napatay. Inosenteng detenido at mga walang kinalaman sa tangkang pagtakas ang karamihan sa mga pinaslang.

Upang bigyang-katwiran ang labis na pwersang ginamit sa pagsalakay, nagtanim ng mga baril ang mga upisyal ng pulis, kabilang ang iniulat na makintab na kalibre .45 baril na ipinatong sa katawan ni Ghalib Andang alyas Kumander Robot, na kabilang sa mga minasaker. Unang iniulat na tatlong pistola ang napasakamay ng mga nagaklas na bilanggo.

Ayon naman sa salaysay ng mga nakaligtas na bilanggo sa mga organisasyong nagsagawa ng misyong medikal sa bilangguan upang gamutin ang mga sugatan, walang patumanggang pinagbabaril ng mga operatiba ng Special Action

Force (SAF) ang mga bilanggo kahit sila ay nakadapa na. Nagsisisigaw pa ang mga elemento ng SAF ng "pare-pareho kayong mga Muslim!" Ayon sa Moro-Christian People's Alliance (MCPA), mahigit 100 bilanggo ang nasugatan at kinailangang gamutin.

Sinabi ng isang nakaligtas na bilanggo sa kanyang asawa na inipon ng lumusob na mga elemento ng SAF ang mga kilalang lider ng Abu Sayyaf, inihilera sa isang tabi at pinagbabaril. Patunay ito na hindi isang palitan ng putok ang naganap kundi ekstra-hudisyal na pagpatay at masaker.

Matapos ang pagsalakay sa mga bilanggo, pinagsusuntok, pinagsisipa at pinagmumura ng mga myembro ng SAF ang mga nakaligtas, ipinarada nang walang saplot kundi brief at ibinilad sa araw nang halos dalawang oras. Tinortyur ang mga bilanggo upang paamining kalahok sila sa tangkang pagtakas. Binantaan ding papatayin ang mga bilanggong hindi napaamin.

Ang masaker sa Camp Bagong Diwa ay tuwirang pinamunuan ni Gen. Angelo Reyes, kasalukuyang kalihim ng Department of the Interior and Local Government, at pinaniniwalaang kasabwat ng Abu Sayyaf sa teroristang mga pambobomba sa Mindanao at iba pang lugar. Si Reyes ang namuno sa pakikipagnegosasyon sa mga nag-aklas na bilanggo at mismong nag-utos sa pagsalakay.

Sinamantala ni Reyes ang isinagawang pag-aalsa ng mga bilanggong Moro sa Camp Bagong Diwa upang ipatupad ang likidasyon sa mga lider ng bandidong Abu Sayyaf.

Matagal nang gigil na gigil si Reyes at iba pang matataas na upisyal ng militar, pulisya at mga upisyal ng gubyerno na tuluyang mapatahimik ang mga nakapiit na lider ng bandidong grupong Abu Sayyaf. Habang sila'y nakapiit, nangangamba sina Reyes at mga kasapakat niya sa posibilidad na isiwalat ng mga pinunong bandido ang pakikipagsabwatan sa kanila ng matataas na upisyal ng militar, pulisya, ng burukrasyang sibil at maging ng mga ahente ng militar ng US. Ito ay sa mga gawaing kriminal tulad ng mga teroristang pambobomba, kidnap-for-ransom at iba pa.

Ang sabwatang ito ay paulitulit na inilalantad ng iba't ibang personahe o organisasyon. Nariyan na ang isinagawang pagbubunyag ni Gracia Burnham, dating bihag ng Abu Sayyaf, na AFP ang nagsusuplay ng mga armas, bala, gamot, bigas at iba pang pagkain sa bandidong grupo.

Ang mga nakakulong na lider ng Abu Sayyaf ay pilit na binubusalan ng militar. Kaya't laking galit ng militar nang magawang isiwalat ni Ghalib Andang ang pakikipagkutsaba ng ilang upisyal ng gubyerno

Inosente ang karamihan

S a mahigit 400 bilanggo sa Camp Bagong Diwa, 129 ang suspetsadong kasapi ng Abu Sayyaf. Pitumpu't tatlo (73) sa 129 ay inosente at iligal na inaresto sa Basilan noong 2001 nang ideklara ni Pres. Gloria Arroyo ang "state of lawlessness" sa lugar.

Noong Hulyo 26, 2001, naglabas ng memorandum ang Commission on Human Rights na nagsasabing pawang mga sibilyan ang 73 at iligal ang pang-aaresto sa kanila. Idineklara ring iligal ang pangaaresto sa imbestigasyong isinagawa ng Kongreso at Senado. Subalit hanggang sa kasalukuyan ay nakapiit pa rin ang Basilan 73.

Katawa-tawa ang dahilan ng militar sa pagdakip sa Basilan 73. Isang halimbawa ang halos pagkakapareho ng kanilang pangalan sa mga kilalang kasapi ng Abu Sayyaf. Halimbawa, hinuli ang inosenteng si Abdulla Yusuf dahil ayon sa militar siya raw si Abdula Mulong na myembro umano ng Abu Sayyaf.

Maraming iba pang inosenteng nadagdag sa 73. Kabilang sa kanila ang ilang menor-de-edad. Isa sa kanila ang nawala sa tamang pag-iisip bunga ng tortyur na naranasan sa kamay ng militar.

at militar sa Central Intelligence Agency (CIA) sa pagsasagawa ng mga teroristang aktibidad sa Mindanao. Ayon kay Andang, palabas lamang ang kanilang pag-kidnap kay Jeffrey Schilling noong 2000. Aniya, tauhan ng CIA si Schilling at ipinadala siya roon bilang tagasanay ng mga myembro ng Abu Sayyaf.

Paul Wolfowitz, alagad ng neo-konserbatismo sa World Bank

ng paghirang bilang pinuno ng World Bank (WB) kay Paul Wolfowitz, pasistang neokonserbatibo at isa sa pinakamasusugid na disipulo ng doktrinang Bush, ay mangangahulugan ng lalong paghigpit ng kontrol at paggamit ng US sa WB bilang instrumento ng imperyalistang pang-aapi sa mamamayan ng daigdig.

Si Wolfowitz ay isa sa mga pangunahin at pinakaprominenteng arkitekto at promotor ng unilateralismo at walang pakundangang pagpapataw ng hegemonya ng US sa iba't ibang bahagi ng mundo. Gumanap siya ng susing papel sa paglusob at pagsakop ng US sa Iraq noong 2003. Bago italaga sa WB, deputy secretary siya ng US Department of Defense.

Sa pag-upo niya bilang pinuno ng WB, inaasahang lalo itong magiging masahol na instrumento ng imperyalistang US. Katulad sa nakaraan, gagamitin ng US ang pondong hawak ng World Bank upang magdikta ng mga patakaran sa mahihirap na bansa at pagsilbihin ang mga ito sa interes ng US.

Isa sa mga itinuturing na ideo-

logo ng neokonserbatismo sa US si Wolfowitz. Sa

ilalim ni dating Pres.
George Bush Sr., binalangkas niya ang
isang agresibong estratehiyang militar
na nagsasaad na
dapat nang unahan ng US ang anumang plano umanong
umatake ng mga itinuturing nitong kalabang grupo o bansa. Ito
ang doktrinang pinagbata-

yan ng pagsalakay ng US sa Iraq noong 1990 at muli, noong 2003.

Isa siya sa mga tauhan ni US Pres. George W. Bush na nagpakulo ng National Security Strategy (NSS) na siyang ginagamit ngayong balangkas upang ipataw ang hegemonya ng US sa buong mundo. Pangunahing nilalaman ng NSS ang dominasyon ng US sa ekonomya at militar sa pamamagitan ng palagi-

ang interbensyong militar ng US para ipagtanggol umano ang kapayapaan at seguridad ng mundo, mga atakeng panansala (pre-emptive) sa tinaguriang rogue states o mga bansang sumusuway sa kagustuhan ng US, at pagpigil sa paglakas ng isang rehiyunal o pandaigdigang poder na potensyal na karibal ng US.

Umaalinsunod sa estratehiyang ito ang panukalang Project for a New American Century (PNAC) na binuo rin noong 1992 ng mga neokonserbatibo, kabilang na si Wolfowitz, at nirebisa noong 2000. Para makamit ang PNAC, na walang ibang nilalaman kundi ang pandaigdigang dominasyon ng US sa larangan ng militar, pulitika at ekonomya, walang pakundangang inilulunsad ang mga gerang agresyon at pang-uupat ng digma sa mga bansang lumalaban sa imperyalismong US. Nang maganap ang atakeng 9/11, todo-todo itong ginamit na sangkalan para maglunsad ang US ng interbensyon at agresyong militar sa iba't ibang dako ng mundo.

Nasangkot din si Wolfowitz dito sa Pilipinas, kung saan bilang Deputy Secretary for Asian Affairs ay kinatulong siya ni US Secretary of State George Shultz sa pagkumbinsi kay Pres. Ronald Reagan noon na bitiwan na si Pres. Ferdinand Marcos nang malinaw nang nagiging peligro sa interes ng US ang patuloy na pagsuporta sa diktador.

Nitong huli, pinamunuan ni Wolfowitz ang "rekonstruksyon" ng Iraq pagkatapos ng agresyon at pananakop ng imperyalismong US sa bansa. Dagdag sa mga krimen nito sa mamamayang Iraqi, inutil ang US sa pagbibigay ng mga batayang serbisyo. Batbat din ng korapsyon at kroniyismo ang mga proyektong ipinagkaloob ng rehimen sa pinakamalalapit na kaibigan ng pamilyang Bush.

Pakikialam ng US sa Kyrgyzstan

Itong huling linggo ng Marso, niyanig ng isang malawak na pagaalsa ang Kyrgyzstan na nagpabagsak sa gubyerno ni Askar Akayev at naglagay kay Kurmanbek Bakiyev bilang bagong presidente ng bansa.

Ang pag-aalsa ng mamamayan ay inudyok ng malawakang galit sa korapsyon ng gubyernong Akayev. Ngunit katulad ng mga pag-aalsa sa mga bansang dating kabilang sa Soviet Union nitong mga nag-daang taon, litaw na litaw ang kamay ng imperyalismong US sa pagpapalit ng gubyerno sa Kyrgyzstan.

Ang pakikialam ng US sa Kyrgyzstan ay katulad ng ginawang pakikialam nito sa "Rose Revolution" noong 2003 sa Georgia at "Orange Revolution" noong 2004 sa Ukraine—pawang mga bansang dating nakapaloob sa nabuwag na USSR. Inilantad ni Akayev na siya ay pinatalsik ng "Ikatlong Pwersang" kinabibilangan ng mga nagpopondo sa sindikato ng iligal na droga na nakabase sa hangganan ng Kyrgyzstan at iba pang bansa sa Central Asia.

Matatandaang ginamit din ang terminong "Ikatlong Pwersa" sa lihim na operasyon ng US sa pagpapabagsak ng rehimen sa South Africa, sa Iran noong 2001, sa Georgia at Ukraine. "Ikatlong pwersa" rin ang ginamit na pangalan ng grupo ng mga maka-Kanang mersenaryong death squad sa Latin America na pumaslang sa libulibong kalaban ng mga papet ng US

Gaya rin ng pakikialam nito sa iba pang bahagi ng mundo, sinak-yan ng US ang popular na galit ng mamamayan ng Kyrgyzstan sa korapsyon ng gubyernong Akayev at nag-udyok na palitan na ito. Layunin ng US na mailuklok ang isang gubyernong magiging mas mahigpit na tagasuporta ng mga patakaran ng US.

Sa Kyrgyzstan, kapuna-puna ang papel ng Freedom House na

Kyrgyzstan



Ang Kyrgyzstan ay matatagpuan sa timog ng rehiyong Central Asia. Dati itong bahagi ng Soviet Union. Kabisera nito ang lunsod ng Bishkek.



pinamumunuan ng dating CIA director na si James Woolsey. Mayor na isponsor din ito ng "Orange Revolution" sa Ukraine. Bago mapalitan ang rehimen sa Kyrgyzstan, ang Freedom House ay nag-iimprenta ng 60 magasin at dyaryo ng oposisyon. Pinopondohan din nito ang mga TV at radyo ng oposisyon. Umabot sa \$13.3 milyon ang halagang ibinuhos ng US noong 2004 sa mga NGO tulad ng Coalition for Democracy and Civil Society, National Democratic Institute at International Republican Institute na aktibong lumahok sa pagpapabagsak sa rehimen ni Akayev.

Estratehiko ang pusisyon ng Kyrgyzstan kaya importante para sa impervalismong US na isang papet na rehimen ang nakatayo rito. May base militar ang US malapit sa hangganan nito sa China, at mula rito inilunsad ng US ang mga atake sa Afghanistan noong 2001. Dahil sa kahalagahan nito sa US, ang Kyrgyzstan ang binibigyan ng pinakamalaking ayuda ng US sa Central Asia. Aabot na sa \$746 milyon ang naibigay na ayuda rito ng US mula noong 1992, at noong 2004 lamang ay \$31 milyon ang ibinuhos dito sa ilalim ng "Freedom Support Act" kung saan pinopondohan ng US and mga grupo at institusyon na nagtataguyod umano ng demokrasya.

Malaki rin ang reserbang langis at mineral ng bansa gaya ng ginto at tanso bukod sa malalawak na taniman ng poppy na pinagmumulan ng drogang opyo. Ang paggawa ng opyo ay malaking negosyo sa Central Asia. Malaki rin ang populasyon ng Kyrgyzstan na pundamentalistang Muslim na sa ilang panahon ay nagbigay ng suporta sa Taliban at al Qaeda. Sa kabila ng pagbatikos sa mga ito sa publiko, hindi nangingimi ang US na lihim na gamitin at pondohan ang gayong mga grupo para isulong ang interes nito sa rehiyon.

Muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan, sinasagkaan ng GRP *—NDF*

TINULIGSA ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang pagsagka ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP), partikular ni Gloria Arroyo, sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan.

Sa isang pahayag nitong Abril 2, sinabi ni Ruth de Leon, executive director ng NDFP International Information Office na nilabag ng GRP ang probisyon ng The Hague Joint Declaration hinggil sa pagrespeto sa pambansang soberanya nang makipagkutsaba ito sa US para ibilang ang PKP, BHB at kay Ka Jose Maria Sison, punong konsultant ng NDFP, sa talaan ng umano'y mga terorista.

Pinag-iibayo rin ng GRP ang paglabag sa mga karapatang-tao ng mga pinaghihinalaang rebolusyonaryo, mga ligal na personalidad at organisasyon at ng malawak na masa ng sambayanan. Mas masahol pa, nilabag din ng GRP ang karapatang-tao ng mga personaheng awtorisadong lumahok sa usapang pangkapayapaan sa pamamagitan ng pagsasampa ng mga kasong kriminal at iligal na pagbibilanggo sa kanila. Tinukoy ng NDF ang tangkang pagpatay kina Ka Joma at Atty. Romeo Capulong, punong abugado ng NDFP.

Binatikos din ng NDFP ang GRP sa pagbubuo nito ng huwad na panel na walang inatupag kundi igiit ang pagsuko ng NDFP at ang deklarasyon ng walang taning na tigil-putukan.

Walden Bello, napahiya sa Canada

LABIS na kahihiyan ang inabot ni Walden Bello, nagkukunwang progresibo at aktibistang kontra-globalisasyon, nang magpumilit siyang magsalita sa isang porum laban sa imperyalistang gera sa Vancouver, Canada noong Marso 19. Nalantad nang husto ang kanyang pagpopostura nang magrali ang mga kabataang Pilipino-Canadian na nauna na niyang kinutya bilang "hungkag na mga grupong nagkukunwaring kumakatawan sa komunidad ng mga Pilipino" sa Canada.

Ibinunyag ng naturang mga grupo sa madla ang kontra-mamamayang mga paninindigan ni Bello, laluna kaugnay ng pinakahuli niyang mga tirada laban sa mga demokratikong organisasyon sa Pilipinas bilang mga "prente ng Partido Komunista ng Pilipinas" at ng kanyang patuloy na paninira sa PKP, NDFP at kay Kasamang Jose Ma. Sison. Binatikos din ang katahimikan nina Bello laban sa sunud-sunod na pamamaslang sa mga lider at myembro ng mga demokratikong grupo nitong nakaraang tatlong buwan.

Ayon sa mga grupo sa Canada, harap-harapan ding nagsinungaling si Bello nang sabihin niyang sinusuportahan niya ang negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at NDFP nang tanungin siya tungkol dito. Hindi niya nababanggit na aktibong itinutulak ng kanyang partidong Akbayan ang kapitulasyon ng NDFP. Isa ang Akbayan sa kinakatuwang ng militaristang rehimeng Arroyo sa kampanya nito laban sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas.